PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

Paggamit ng Trichoderma sp.

Ang Trichoderma sp. ay isang uri ng benepisyal o kaibigang amag (fungus). Ito ay isa sa mga sikat na organismo na ginagamit sa bayolohikong pamamahala ng mga sakit ng halaman dulot ng masasamang amag. Nakatutulong ito upang maiwasan ang mga sakit ng mga halamang gulay tulad ng *tomato stem rot, onion bulb rot*, at paltak.

Sa punlaan

- Maghalo ng 15 gramo ng Trichoderma sa 16 litrong tubig at i-sprey sa punlaan bago magpatubig o pagkatapos magpatubig.
- Kapag may namamatay na punla, mag i- spray agad ng Trichoderma upang mapigilan ang paglala ng sakit.

Sa lipat-tanim

- Maghalo ng 15 gramo ng Trichoderma sa 16 litrong tubig.
- Bago itanim ang mga punla sa bukid, isawsaw ang mga ugat sa solusyon ng Trichoderma ng 5-10 minuto.
- Kapag may namamatay o nalalantang tanim, mag i-sprey agad ng Trichoderma.
- Kapag may maagang senyales ng paltak, maaring gumamit ng Trichoderma. Nakatutulong ito sa pagpigil ng pagdami ng sakit.

Ang pag-iisprey ay maaaring gawin bago o pagkatapos magpatubig, magpunla o magsabog-tanim at kapag may namatay na punla

Pinaghalawan: IPM-CRSP, PhilRice.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice